


# PhilHealth XII umarangkada para sa Konsulta

By: Hanah Naanep, Public Affairs Unit, PRO XII

Nakatakdang magsagawa ang Local Health Insurance Office (LHIO) Kidapawan ng Social Health Insurance Education Series (SHInES) para sa mga bagong halal na Local Chief Executives ng Cotabato Province sa darating na November 29, 2022 sa Kidapawan City. Ito ay upang bigyan sila ng kaalaman sa pagpapatupad ng Universal Health Care (UHC) Law gayundin ng PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama o Konsulta Package.

Ang SHInES ay isa sa mga Information, Education and Communication (IEC) activities ng PhilHealth upang magbigay ng napapanahong impormasyon sa mga miyembro at stakeholders patungkol sa mga programa ng PhilHealth.

Ayon kay Kidapawan LHIO Head Ivy E. Monderin, "*inaasahang ito ay dadaluhan ng lahat ng mga bagong halal na Local Chief Executives kabilang na ang Gobernador ng probinsiya. Aming sisikapin na sa pagpupulong na ito ay mahikayat silang ipa-accredit na ang lahat ng Rural Health Units sa buong probinsiya upang maibigay na ang libreng health screening and assessment, diagnostic services at libreng gamot sa mga miyembro ng PhilHealth sa lalawigan.*"



Si Gen. Santos LHIO Head Nol S. Valila sa isa sa mga Konsulta orientation sa Gen. Santos City.

Para naman sa mas pinalakas na implementasyon ng PhilHealth Konsulta sa probinsiya ng Sultan Kudarat (SK), nakipagpulong ang tanggapan ng PhilHealth XII kay Gov. Datu Pax Ali Mangudadatu kamakailan lamang upang idetalye ang mas pinalawak na primary care benefits alinsunod na rin sa layunin ng UHC na makapagbigay ng preventive health care sa lahat ng Filipino.

---

Banner photo:

Ang LHIO Kidapawan habang nagsasagawa ng Konsulta Orientation sa North Cotabato Medical Society sa ABC Landmark Hotel sa Kidapawan City.

Sa pagtatapos ng Setyembre 2022 ay mayroon nang 12 accredited Konsulta Providers (KPs) sa Sultan Kudarat. Lagpas ito sa 11 target KPs sa taong ito. Samantala, sinisikap na higitan pa ang kasalukuyang ang kasalukuyang registered beneficiaries na 4,407 sa ilalim ng LHIO Isulan.

Napagkasunduan sa nasabing pagpupulong ang pagtutulungan ng nasabing LGU at PhilHealth para sa mas matagumpay na implementasyon ng Konsulta sa probinsiya

Ayon kay Mangudadatu, sisikapin nilang maging KP accredited ang Sultan Kudarat Provincial Hospital pati na ang lahat ng Rural Health Units (RHUs) sa lalawigan. Magkakaroon din ng karagdagang dialysis center at accredited collecting agent sa Lebak dahil mayroon na itong PhilHealth Express sa lugar.

Samantala, bilang tugon naman sa tuloy-tuloy at mas mabilis na Konsulta registration sa Gen. Santos City, nagsagawa rin kamakailan ang LHIO Gen. Santos (GenSan) ng My PhilHealth Portal orientation sa siyam na Rural Health Units ng lungsod.

Ang My PhilHealth Portal ay isang electronic system na ini-install ng PhilHealth sa mga accredited KPs para sa online registration o pagpapatala ng mga miyembro.

Ayon kay GenSan LHIO Head Nol S. Valila, "*kailangang maisaayos na natin ang pag-register ng mga RHUs sa ating mga miyembro upang maumpisahan na nilang mag-avail ng kanilang Konsulta benefits*."

Ang mga pasilidad na kasali sa nabanggit na orientation ay ang mga RHUs ng Apopong, Baluan, Bula, Calumpang, Conel, Fatima, Labangal, Tambler, Tinagacan, West na pawang taga GenSan.

"*Maganda ang face-to-face orientation dahil mas marami kaming natutunan at agad agad nasasagot ang aming mga katanungan lalo na ang buong proseso ng Konsulta*," sabi ni Delia Maghinay ng RHU Calumpang.

Sa kabilang dako, bilang suporta naman sa Elderly Filipino Week celebration, lumahok ang LHIO Koronadal sa mga aktibidad na isinagawa ng Department of Social Welfare and Development XII (DSWD) para sa Federation Presidents ng mga Senior Citizens sa buong



Mula sa kaliwa: Rodolf John C. Redondo, Executive Assistant ng Gobernador ng Sultan Kudarat (SK); SK Gov. Datu Pax Ali Mangudadatu; Mr. Dave Abella, Direktor ng Health Affairs Division; Dr. Hector Zenon Leonardo P. Malate, Regional Vice President ng PhilHealth XII; Lorelie G. Bonilla, OIC- Division Chief ng Field Operations Division, Raffy B. Elizares, representative mula sa Membership Section.



Si Hanah G. Naanep, Public Relations Officer mula sa PhilHealth XII habang nagsasagawa ng UHC at Konsulta orientation sa Federation Presidents ng Senior Citizens sa Region XII sa pagbubukas ng selebrasyon ng Elderly Filipino Week celebration sa Siyudad ng Koronadal, South Cotabato.

Rehiyon na ginanap sa Koronadal City. Isa na rito ang orientation kung saan kasama ng Public Affairs Unit at Membership Section, ang PhilHealth XII ay nagbigay kaalaman tungkol sa UHC at Konsulta sa mga dumalong Federation Presidents.

Ayon kay Commissioner Edwin G. Espejo ng National Commission of Senior Citizens (NCSC) na dumalo sa nasabing pagtitipon, *"ang gawaing ito ay tanda ng pagpapahalaga sa mga Senior Citizens na nag-ambag ng kanilang kagalingan at lakas para sa ikauunlad ng ating bansa".* ###